Mensahe Apat

## Ang Ating Espiritwal na Pagkain, ang Ating Espiritwal na Bato, at ang mga Nilalaman ng Hapag ng Panginoon

Babasahin sa Kasulatan: 1 Cor. 10:3-4, 16-17, 21; 11:23-26

**I. Ang malalim na katotohanan sa Exodo 16 ay yaong ninanais ng Diyos na baguhin ang ating diyeta tungo sa isang diyeta na si Kristo bilang ating espiritwal na pagkain, ang totoong manna na ipinadala ng Diyos Ama upang mabuhay ang piniling bayan ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo—1 Cor. 10:3; Juan 6:31-35, 48-51, 57-58:**

A. Anuman ang ating kinakain kay Kristo upang maging ating bumubuong muli na elemento at ating panustos upang gawin tayong pinaninirahang lugar ng Diyos sa sansinukob na ito ay magiging isang walang hanggang paggunita—Exo. 16:16, 32.

B. Kung paanong ang manna sa gintong sisidlan ay ang sentrong punto ng pinaninirahang lugar ng Diyos, gayundin si Kristo bilang manna na kinakain natin ay ang sentrong punto ng pagtatayo ng Diyos ngayon—Heb. 9:3-4; Efe. 4:16; Col. 2:19.

C. Ang namumukod-tanging pagkain na kinukuha natin para ating panustos, kalakasan, at kasiyahan ay dapat si Kristo, at ang isang namumukod-tanging ministeryo sa Bagong Tipan ay nagdadala ng Kristo bilang namumukod-tanging pagkain para sa bayan ng Diyos—Bil. 11:5-6; cf. Gawa 1:17, 25; 2 Cor. 4:1; 1 Tim. 1:12; 2 Cor. 3:6.

D. Ang mga katangian ni Kristo bilang ating namumukod-tanging pagkain, ating pang-araw-araw na manna, ay nagiging ating mga katangian para sa pagdadakila sa Kanya sa pamamagitan ng ating metabolikong transpormasyon habang patuloy natin siyang tinatamasa—Juan 6:57; FIl. 1:20-21; cf. Gal. 6:17:

1. Ang manna ay isang hiwaga—Exo. 16:15; Col. 2:2; Isa. 9:6; Efe. 3:4; Juan 3:8.
2. Ang manna ay isang pangmatagalang himala—Exo. 16:4; cf. Mat. 6:34.
3. Ang manna ay mula sa langit—Exo. 16:4; Juan 6:41.
4. Ang manna ay dumarating kasama ng hamog—Exo. 16:13-14; Bil. 11:9; Awit 133:3; Panag. 3:22-23; Heb. 4:16; Awit 110:3.
5. Ang manna ay dumarating sa umaga—Exo. 16:21; cf. A. A. 1:6b; 7:12; Juan 5:39-40; Roma 6:4; 7:6.
6. Ang manna ay maliit—Exo. 16:14; Luc. 2:12; Juan 6:35; cf. Huk. 9:9, 11, 13; Mat. 13:31-32.
7. Ang manna ay pino—Exo. 16:14; Juan 6:12.
8. Ang manna ay bilog—Exo. 16:14; Juan 8:58.
9. Ang manna ay puti—Exo. 16:31; Awit 12:6; 119:140; 2 Cor. 11:3b.
10. Ang manna ay tulad ng isang namuong hamog—Exo. 16:14; Kaw. 17:27.
11. Ang manna ay tulad ng buto ng kulantro—Exo. 16:31; Bil. 11:7; Luc. 8:11.

12. Ang manna ay solido—Bil. 11:8; 2 Cor. 1:4; Efe. 6:18.
13. Ang anyo ng manna ay tulad ng yaong sa bedelio—Bil. 11:7; Apoc. 4:6, 8; Ezek. 1:18.
14. Ang lasa ng manna ay tulad ng sariwang langis—Bil. 11:8; Awit 92:10.
15. Ang lasa ng manna ay tulad ng yaong sa manipis na tinapay na may pulot—Exo. 16:31; Awit 119:103.
16. Ang manna ay mabuti para sa paggawa ng maliliit na tinapay—Bil. 11:8; 1 Tim. 4:6.

**II. Si Kristo ay naipako na sa krus upang maging isang espiritwal na bato na sumusunod sa Kanyang bayan; ang sumusunod na batong ito ay ang nabuhay na muling Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay, na palaging kasama ng ekklesia upang tustusan ang Kanyang mga mananampalataya ng tubig ng buhay—1 Cor. 10:4; Exo. 17:6; Bil. 20:8; Juan 19:34:**

A. Ang kaguluhan sa gitna ng bayan ng Diyos ay maaaring sanhi ng kakulangan ng tubig, na sumasagisag sa Espiritu ng buhay; sa tuwing ang bayan ng Diyos ay kulang sa Espiritu ng buhay, magkakaroon sila ng mga suliranin; kapag ang bayan ng Diyos ay sagana sa Espiritu, ang mga suliranin nila sa isa't isa at sa Diyos ay malulutas—Bil. 20:2-13; Juan 7:37-39; Roma 8:2.

B. Yamang si Kristo ay naipako na sa krus at ang Espiritu ay naibigay na, hindi na kailangang maipakong muli si Kristo; yaon ay, hindi na kailangang hampasin muli ang bato upang dumaloy ang buháy na tubig; sa ekonomiya ng Diyos si Kristo ay dapat maipako lamang nang minsanan—Heb. 7:27; 9:26-28a.

C. Upang matanggap ang buháy na tubig mula sa naipako sa krus na Kristo, kailangan lamang nating "kunin ang tungkod" at "magsalita sa bato"—Bil. 20:8:
   1. Ang kunin ang tungkod ay ang makilalang kaisa ni Kristo sa Kanyang kamatayan at iaplay ang kamatayan ni Kristo sa ating sarili at ating sitwasyon.
   2. Ang magsalita sa bato ay ang magsalita ng isang tuwirang salita kay Kristo bilang ang hinampas na bato, hinihiling sa Kanya na bigyan tayo ng Espiritu ng buhay batay sa katunayan na ang Espiritu ay naibigay na—cf. Juan 4:10; Luc. 11:13.
   3. Kung iaaplay natin ang kamatayan ni Kristo sa ating sarili at hihilingin kay Kristo sa loob ng pananampalataya na bigyan tayo ng Espiritu, matatanggap natin ang buháy na Espiritu bilang masaganang panustos ng buhay.

D. Sa halip na magsalita sa bato, si Moises ay nagalit sa mga tao, kinondena sila na mga rebelde, at hinampas ang bato gamit ang kanyang tungkod nang dalawang beses—Bil. 20:9-11:
   1. Kinondena ni Moises ang mga tao na mga rebelde, subalit si Moises ang isa na nagrebelde sa salita ng Diyos—b. 24; 27:14.
   2. Hindi sumampalataya si Moises kay Jehovah upang pabanalin Siya sa paningin ng mga anak ni Israel—20:12:
      a. Ang pabanalin ang Diyos ay ang gawin Siyang banal, yaon ay, ang ibukod Siya mula sa lahat ng huwad na diyos; ang mabigong pabanalin ang Diyos ay ang gawin Siyang karaniwan.

b. Sa pagkagalit sa mga tao nang hindi naman galít ang Diyos, hindi ikinatawan ni Moises nang tama ang Diyos sa Kanyang banal na kalikasan, at sa paghampas sa bato nang dalawang beses, hindi niya tinupad ang salita ng Diyos sa Kanyang ekonomiya; sa gayon, sinalangsang ni Moises kapwa ang banal na kalikasan ng Diyos at ang Kanyang dibinong ekonomiya.

c. Dahil dito, bagama't siya ay matalik sa Diyos at maaaring ituring na isang kasama ng Diyos (Exo. 33:11), naiwala ni Moises ang karapatang pumasok sa mabuting lupain.

3. Sa lahat ng sinasabi at ginagawa natin hinggil sa bayan ng Diyos, ang ating saloobin ay dapat ayon sa banal na kalikasan ng Diyos, at ang ating mga pagkilos ay dapat ayon sa Kanyang dibinong ekonomiya; ito ang pabanalin Siya; kung hindi, sa ating mga salita at mga gawa ay magrerebelde tayo laban sa Kanya at masasalangsang Siya.

**III. Si Kristo bilang mga nilalaman ng hapag ng Panginoon ay ang realidad ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos—1 Cor. 10:16-17, 21; 11:23-26:**

A. Ang diin ng hapag ng Panginoon ay ang salamuha ng Kanyang dugo at katawan, ang pakikilahok sa Panginoon, ang pagtatamasa sa Panginoon sa mutuwalidad, sa salamuha—10:16-17, 21:

1. Ibinigay na ng Panginoon ang Kanyang sarili sa atin upang makabahagi tayo sa Kanya bilang ating piging at matamasa Siya sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom sa Kanya; upang maging ating piging, ang realidad ng bunga ng mabuting lupain, si Kristo ay kailangang maproseso—cf. Deut. 8:7-10:

a. Kung hindi nagkatawang-tao si Kristo, hindi Siya magkakaroon ng dugo at ng isang katawan; sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ay nagbihis si Kristo ng pantaong katawan na may dugo at laman—Heb. 2:14.

b. Kung hindi naipako sa krus si Kristo, hindi mahihiwalay ang Kanyang dugo sa Kanyang katawan; sa pamamagitan ng pagkapako sa krus ang Kanyang dugo ay nahiwalay sa Kanyang katawan—Juan 6:53-55.

c. Kung hindi nabuhay na muli si Kristo, hindi Siya magiging nasa hapag bilang ating pagkain; sa pagkabuhay na muli, Siya ay inihahain sa atin sa hapag bilang isang piging para sa ating pagkain at pagtatamasa; ang Isa na naghahandog ng Kanyang katawan at Kanyang dugo sa atin ay ang nabuhay na muling Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay—1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:17.

2. Ang Panginoong Hesus ay "kumuha ng tinapay…at pinagpala ito, at pinagpira-piraso Niya ito at ibinigay ito sa mga disipulo at sinabi, Kunin ninyo, kainin ninyo; ito ang Aking katawan"—Mat. 26:26:

a. Ang tinapay ay nangangahulugang buhay, ang buhay ng Diyos, ang buhay na walang hanggan; ang tinapay ay sumasagisag sa pisikal na katawan ng Panginoon, na ibinigay Niya para sa atin sa krus upang ipamahagi ang buhay tungo sa atin—Juan 6:35, 57, 63; Luc. 22:19.

b. Ang tinapay ay sumasagisag din sa mistikong Katawan ng Panginoon, ang kaparaanan upang maisagawa ni Kristo ang Kanyang makalangit na ministeryo para sa pagsasakatuparan ng dibinong administrasyon—Efe. 1:22-23; 4:16; Apoc. 5:6.
c. Sa pamamagitan ng pakikilahok sa dibinong buhay ng Panginoon, kinakain at tinatamasa Siya bilang tinapay ng buhay, tayo ay nagiging ang Kanyang mistikong Katawan, ang Kanyang paglaki—1 Cor. 10:17; 12:27.

3. Kumuha ang Panginoong Hesus ng isang saro at nagpasalamat, at ibinigay Niya ito sa kanila, na nagsasabi, "Uminom kayo mula rito, kayong lahat, sapagkat ito ang Aking dugo ng tipan, na ibinubuhos para sa marami sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan"—Mat. 26:27-28:
   a. Ang saro ay nangangahulugang pagpapala, na siyang Diyos Mismo bilang ating bahagi—Awit 16:5.
   b. Ang pagliligtas ng Panginoon ay naging ating bahagi, ang saro ng kaligtasan na umaapaw; ang nilalaman niyaon ay ang Diyos bilang ating nagpapaloob ng lahat na pagpapala—116:13; 23:5.
   c. Dinadala tayo ng dugo ni Kristo bilang dugo ng bagong tipan tungo sa bagong tipan, kung saan binibigyan tayo ng Diyos ng isang bagong puso, isang bagong espiritu, ang Kanyang Espiritu, ang panloob na kautusan ng buhay, at ang kakayahan ng buhay na makilala ang Diyos, maangkin ang Diyos, maangkin ng Diyos, at matanggap ang pagpapala ng pagpapatawad at paglimot sa lahat ng ating kasalanan—Ezek. 36:26-27; Luc. 22:20; Heb. 8:10-12; Awit 103:1-3, 12.
   d. Dinadala tayo ng dugo ng tipan tungo sa presensiya ng Diyos sa dakong Banal ng mga Banal, kung saan tinitingnan natin ang Kanyang kagandahan, tungo sa paglalalin at pagsasalin ng Diyos, at tungo sa walang hanggang pagtatamasa sa Diyos; ang pagtatamasa sa Diyos sa ganitong paraan ang magbubunga ng isang tao ng Diyos—27:4; Exo. 24:8; cf. Lev. 16:11-16.
   e. Sa katapus-tapusan, ihahatid ng dugo ng tipan, ng walang hanggang tipan, ang bayan ng Diyos tungo sa ganap na pagtatamasa sa Diyos bilang puno ng buhay at tubig ng buhay kapwa ngayon at magpasawalang-hanggan—Heb. 13:20; Apoc. 7:14, 17; 22:1-2, 14, 17.

B. "Tuwing kakainin ninyo ang tinapay na ito at iinumin ang saro, ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa dumating Siya"—1 Cor. 11:26; cf. Roma 5:10:
   1. Ang *ipinahahayag ang kamatayan ng Panginoon* ay ang iproklama at itanghal ang kamatayan ng Panginoon; ang ipahayag ang Kanyang nagpapalaya ng buhay na kamatayan ay ang ipahayag ang Kanyang unang pagdating para sa Kanyang pambatas na pagtutubos upang ibunga ang ekklesia—Juan 12:24; 19:34.
   2. Ang *hanggang sa* ay nagpapahiwatig na ang ekklesia ang nagtutulay sa puwang sa pagitan ng Kanyang unang pagdating at ikalawang pagdating sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom kay Kristo sa proseso ng Kanyang organikong pagliligtas.

3. Ang *dumating Siya* ay ang Kanyang ikalawang pagdating upang itatag ang kaharian ng Diyos sa lupa, gaya ng sinabi ng Panginoon sa Mateo 26:29: “Hinding-hindi Ako iinom mula sa bungang ito ng puno ng ubas mula ngayon hanggang sa araw na iyon na iinumin Ko ito nang panibago na kasama kayo sa kaharian ng Aking Ama.”
4. Sa gayon, ang ipahayag ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa dumating Siya ay ang ipahayag ang pag-iral ng ekklesia para sa pagpapasok ng kaharian; ang pagkain sa hapunan ng Panginoon ay dapat magresulta sa pag-alaala sa Panginoon sa Kanyang dalawang pagdating.

*© 2024 Living Stream Ministry*